

Kalakaran, Kabuhayan, Kata(w/u(h))an—ang Karaniwan at ang Araw-araw sa Pilipino: Ang Kaisipang Kapuwa, at Anak, ang Pananaw sa Buhay at Pag-iisip sa Panahon /

Kalakaran, Kabuhayan, Kata(w/u(h))an—the Everyday and Ordinary in the Pilipino: The theory of kapuwa and anak, the philosophy of life, and thoughts about time

Roberto E. Javier Jr.

De La Salle University, Manila, Philippines

roberto.javier@dlsu.edu.ph

Tinatalakay sa papel ang katutubong kaisipan na kalakaran at ang karaniwan at ang araw-araw na buhay-Pilipino na malay siya sa kapuwa, sa kilos ng kaniyang katawan-katauhan para sa kapakanang pansarili't panlipunan. Kalakaran ang taguri sa umiiral sa mga pook ng paggawa, pagawaan, maging sa mga pamilihan, pagamutan, palingkuran (serbisyo), kawanihan (opisina), at sa mga sangay at tanggapan ng mga pamahalaan. Sinipat sa saliksik sa sikolinguwistika, ang mga salitang kinakasangkapan ng kaisipan sa pagbubuo ng pansariling karanasan (*indigenous*) na buhat sa galaw, gawa't gawi sa lipunang Pilipino. Itong katawan na siya rin nating katauhan, ay sadyang parati'y umaaksiyon tungo sa pagpapayaman ng pagkatao. Samakatwid, ang galaw, gawa't gawi natin, kung nasa kalipunan tayo ng mga tao (*human behavior in organization*) na kapuwa natin, ay nagpapakatao sa pakikipag-ugnayan sa kawangis nito sa pagkatao at karangalan. Siniyasat pa sa semantika ang ugat ng ugnayan ng sarili sa sosyedad bilang siyang nasa malay na buhay sa araw-araw. Katibayan ng mga katagang gamit upang tukuyin, na ang kagyat na kilos ng katawan ay katauhang may kapuwa. Itong tinutukoy na kalakaran—ang karaniwan at araw-araw ay umiinog sa unawa o *weltanschauung* ng Pilipino. Ang mga salita para sa galaw ng katawan tulad ng tulak, lakad, takbo, o lingkod maging ng gawa nito gaya ng pag -pasok, -uwi, -daan, -upo ay nagbabadya ng pakikipagkapuwa-tao, na isinusunod sa panahon at inaayon sa pananaw sa buhay. Ang katagang kalakaran ang sumasalamin sa kung ano ang kaniyang kinapapaloobang buhay. Ang buhay ang itinataguyod sa mga tugon (aksiyon-reaksiyon) sa pangangailangang pang-araw araw. Ito naman ang ipinakakahulugan ng kabuhayan na kaugnay ng hanapbuhay. Ang hanap-buhay ay bahagi ng depinisyon ng kalakaran dahil ito ang sa araw-araw ay gawain at gampanin. Samantala tinutukoy ang kabuhayan na siyang pangkalahatan nitong mga pagkilos para mabuhay ng may ginhawa.

Mga Susing Salita: buhay, kalakaran, kabuhayan, katawan-katauhan, kapuwa, pakikipagkapuwa-tao, pagkatao, karaniwang buhay, panahon.

*This paper presents the indigenous thoughts that pertain to the everyday and ordinary life, as suggested in the terms *kalakaran* and *kabuhayan*. These Filipino words would connote business and economics. The everyday and the ordinary life the Filipino thinks, relates to the *kapuwa* (shared self) and to what defines *buhay* (life) that is oriented in the present. The essay expounds on the Filipino *Weltanschauung* on *buhay*, *kapuwa*, and *panahon* (the present). *Buhay* is said to be in itself *mabuti* (good) or desired to be *maganda* (well). *Pakikipagkapuwa* is praxis wherever the whole being (the Filipino body-person unity: *katawan-katauhan*) finds it, to function and to face up with the daily demands of fruitful living. Such sense of the 'other' is observed in spaces of work, places of production in factories, in the markets to avail goods, in facilities for procurement of their services, in offices for transactions, even in securing assistance in government units and agencies. The thought of *kapuwa* permeates all interactions. It is associated with the notion of time and life. The results of the psycholinguistics conducted in a Philippine language, would explain the meanings given to words that are akin to business and economics particularly in work organization that connote operation, administration, and management in the indigenous. What were drawn from word analyses and the semantics suggests the Filipino thought on the everyday and ordinary life, the *kalakaran* (business) and *kabuhayan* (economics). There were conceptions found to be pertinent to the experience of one's whole being (*katawan-katauhan*—body-person unity), co- 'operating' with the *kapuwa*. Thus, the Filipino 'functions' (*kilos-katawan-katauhan*) for what is necessary to live an independent life in an interdependent society. The Filipino social interaction *pakikipagkapuwa-tao* is a pivot in carrying out these activities in the work setting.*

Keywords: business (*kalakaran*), body-person (*katawan-katauhan*), personhood (*pagkatao*), work (*paggawa*), ordinary life, sense of time, shared self (*kapuwa*) and extending the self (*pakikipagkapuwa-tao*)

PANIMULA

Ang pag-aaral na ito ay bunga ng isang pag-iisip noong ako'y atasan ng pamunuan ng Kolehiyong Ramon V. Del Rosario sa Bisnes (*Business*) ng aming Pamantasang De La Salle sa Maynila na magbigay ng lektura para sa kanilang Ikapitong Pambansang Kumperensiya sa *Management* (Pamamahala) na ginanap sa Holy Angel University sa Lungsod ng Angeles, Pampanga noong Nobyembre 14–16, 2019. Hiningi nilang talakayin ko ang aplikasyon ng sikolinguwistika sa bisnes, anila kung meron man. Tinangka ko namang maipaliwanag ang gamit at paggamit ng wika sa pagsusuri para makarating sa isang unawa tungkol sa isang prosesong sikolohikal tulad ng pag-iisip at pagkilos. Bunga ng palitan ng mga tanong at talakay sa lektura, nangyaring napaisip ako ng mga katagang maaaring mapaglimian sa mga aralin sa bisnes na kanilang mapalalawig sa pag-aaral ng beheybyur sa organisasyon ng paggawa o sa pagawaan tulad ng pamamahala at pamunuan. Gamit ang metodo ng sikolinguwistika, sinimulan ko ang

introspeksiyon at interpretasyon sa ginagamit nating mga salita para ilarawan o ipaliwanag ang dinamiko sa organisasyon ng paggawa (*work organization*) o sa pagawaan (*factory/industry*) at maging sa pamilihan (*market*). Sinimulan ko ang sikolinguwistikang ito sa payak na paglilista ng mga salita para saliksikin ang pakahulugan at isipang Pilipino sa bisnes at ekonomiks, i.e. pamamahala ng, pamunuan sa, at pagtutunguhan sa loob ng organisasyon pati tunguhin nitong may kinalaman sa sikolohiya ng paggawa (*psychology of work*), pamumuhunan, at kabuhayan. Unang uusisain kung ano ang maipakahulugan sa Pilipino ng bisnes. Ang pangalawang pagtutuhan ng pansin ay kung ano kaya ang pakahulugan Pilipino sa ekonomiks.

Tutunghayan ang sikolinguwistika ng kalakaran at kabuhayan na nabubuon ng kaisipan na bunga ng karanasan sa kultura at lipunan. Gagamitin ang mga balangkas-kaisipan nina Virgilio G. Enriquez (Pe-Pua 29) sa katutubong teorya ng pagkatao at Prospero R. Covar (Navarro at Lagbao-Bolante 77) sa pagkataong Pilipino, para alamin sa paraang panglingguwistika ang tinatayang pakahulugan sa bisnes at ekonomiks.

Tatalakayin ang lunduan at ikutan nitong kalakaran at kabuhayan na katawan-katauhan. Mula doon, magagawan ng pag-uugat at pag-uugnay ang mga ito sa mga konseptong kapuwa, anak, buhay, at panahon.

Pagdadalumat sa Filipino ng kahawig ng mga kaisipan sa bisnes at ekonomiks

Ang konsepto ng kapuwa (Figura 1) ng sikolohistang si Virgilio G. Enriquez (Navarro at Lagbao-Bolante 23) ang batayang pangkaisipan na siyang gagawing sandigan nitong pagsusuri sa ating organisasyon na pampaggawa sa larang ng sikolohiya, ng bisnes sa loob ng kultura at kontekstong Pilipino. Malalim ang pagpapahalaga natin sa pagtutunguhan kung saan ang turingan ay kapuwa (*shared self*). Ang ‘ako at ang iba sa akin ay kapuwa’ kahit pa ang turing ay ibang-*tao*, kapuwa namang talaga sila sa isa’t isa. May pagkakapantay sa katayuan bilang *tao* at sa kanilang pagkatao (*equal in humanity, in dignity*). Maging saanman, minamahalaga natin ang kapuwa, lalo na sa ating mga interaksyon sa lipunan gaya ng sa ginagalawan nating organisasyon ng paggawa, pagganap sa gampanin, o pagtupad sa gawaing atas sa atin. Ang turingang panlipunan ay may pakikipagkapuwa at ang tunguhin nga’y kapuwa. Ayon kina Carmen Enrile Santiago at Virgilio G. Enriquez (Enriquez 51) sa kanilang Antasan ng Pagtutunguhan (tingnan ang Talaan 1), may dalawang kategorya ito, ang ibang-*tao* at ang hindi ibang-*tao*. Bagama’t may ganitong kategorya, hindi naman hindi kapuwa ang itinuturing na ibang-*tao* sapagkat ang tunguhing totoo ng turingan ay maabot, kundi man ang pakikiisang loob, ay ang pakikipagpalagayang loob na may tiwala na sa isa’t isa. Sa matagal at palagiang pagtutunguhan lalo na sa mga konteksto ng interaksyon sa paggawa, nakapagpapalagayang loob ang mga naroroon sa loob nitong organisasyon ng *tao*. Tutunghayan natin itong mga interaksyon sa organisasyon ng paggawa sa mga kilos ng katawan-katauhan ng sangkasapian dito, na kubli ang kahulugan sa mga katagang gamit parati sa paggawa o pagganap. Ito namang katawan-katauhan na kaugnay ng unawa sa kapuwa ay nakaugat pa nga sa Teorya ng Pagkatao (*personhood*) ng antropolohistang si Covar na mauunawaan sa ating antropologo ng katawan, ang kilos, galaw, at ganap nito ay ating katauhan (*personality*). Hindi hiwalay o hati ang katauhan at katawan, iisa itong nakikipag-isa sa kaniyang kapuwa—ito ang tunguhin nitong isa isang *ka-tao*-han para sa sangkatauhan (Javier 33).



Figura 1: Batay sa Teorya ng Kapuwa

Talaan 1: Ang Antas ng Pagtutunguhan nina Enriquez at Santiago

Ibang- <i>tao</i> (<i>not one of us</i>)	
Pakikitungo (<i>amenities, civility</i>)	
Pakikisalamuha (<i>'mixing'</i>)	
Pakikilahok (<i>joining, participating</i>)	
Pakikibagay (<i>conforming</i>)	
Pakikisama (<i>adjusting</i>)	
Hindi Ibang- <i>tao</i> (<i>one of us</i>)	
Pakikipagpalagayang loob (<i>mutual trust</i>)	
Pakikisangkot (<i>getting involved</i>)	
Pakikiisa (<i>full trust, oneness, fusion</i>)	

Matutunghayan pa sa mga naunang pag-aaral sa wikang ginagamit ng Pilipino para tukuyin ang pamamahala't pamumuno na iniuugat ito sa 'bahala' o ang isang *tao* o pangkat ng *tao*, na siyang may pananagutan sa kaniya o kanilang gampanin bilang nangunguna sa organisasyon. Ibig sabihin nito'y siya ang bahala nang gumawa ng pagpapasiyang kinakailangan upang tugunan ang isang sitwasyon o kondisyon. Sinasabi pa na malapit ito sa konsepto ng 'bahala na' o ang pagpapaubaya sa kahihinatnan ng isang bagay matapos gawin na ang inaakalang sapat na paghahanda para sa isang inaasahang pangyayari o pagkamaaaring mangyari. Ang sinuman kasing nagsasabing 'bahala na' ay totoong nakapaghanda para

sa isang pangyayari subalit nag-iiwan ng puwang sa hindi lubusang inaasahang mangyayari sa kabila ng kahandaan dito. Mangyari pa ang ‘pagbabahala na’ ay pamamahala sa hindi inaasahan. Sa ganito ring pagtugaygay hahagilapin ang ilan pang Pilipinong kataga na may kinalaman sa pamamahala at pamumuno ng tao sa organisasyon ng paggawa, sa mga pagawaan, pamilihan, o maging para sa personal na karanasan gaya sa pamamahalang pansarili. Ang mga katagang ipinantutukoy ng Pilipino sa kilos ng katawan na siya niya ring katauhan, manapa’y pagkatao ang tutuntunin naman, sa kasalukuyang pagsusuri sa wika’t kultura. Ang antropolohistang si Covar nga ang nagsimula nitong pagtukoy sa mga ugnayang katawan-katauhan-kapuwa—kaya ang pagkatao ay nasusumpungan sa pagtutunguhan saanman naroroon at namamalas na ang tunguhin nito’y ang pagkilanlan mandin sa sarili’y kapuwa.

PAGKATAO: Kabuuan ng Katawan-Katauhan-Kilos




Figura 2: Halaw sa Hulmaan ng Pagkataong Pilipino ni Prospero R. Covar: Pakikipagkapuwa-tao sa Konteksto ng Paggawa at Pamumuhay Pilipino

Paraan ng Pag-aaral—Siyasat at Suri sa Sikolinguwistika

Kinasangkapan ko ang mga katagang binuo’t buhat sa mga karaniwang karanasan sa ating buhay

kaugnay ng kilos ng katawan na siya ring nagkaroon na ng anyo sa ating katauhan, mapag-isa man tayo o mapasali sa isang organisasyon na mamamayani ang interaksyong sosyal, ang pakikipagkapuwa. Kapansin-pansin kasi na marami tayong talinhaga na tugma ang sinasabi natin sa pamamanata sa bayan, iyon ay sa isip, salita, at gawa. Ang ilan sa mga katagang nahagip ko ay *lakad*, *takbo*, *lingkod/upo*, *uwi*, at *daan*, ang kaugnayan nito at ibang salitang naroon din sa batis na kaisipan na ang ibinabadya ay direksiyon o tunguhin bunga ng galaw ng katawan, ng ating katauhan o ang mga gawa nito. Tunghayan sa Talaan 2 ang ilan sa mga salitang Filipino, partikular ang Tagalog na bibigyang kahulugan sa konteksto ng paggawa at pamumuhay. Sinusuri rito ang mga kaugnayan pati kabuluhan sa paraang semantiko’t lingguwistiko. Mayaman ang bokabularyong tumutukoy sa pagkilos, paggalaw, at pagganap ng katawan, tulad nga ng mga halos magkakatulad ang ipinakakahulugan ng mga sumusunod na salitang *lakad*, *lakaran*, *palakad*, *kalakaran*, *kaladkad*, at *kaladkarin*. Mayroon pang kanugnog nito gaya ng *takbo*, *takbuhin*, *patakbo*, at *patakbuhin*. Nariyan ding naririnig ang *lingkod* sa Bisaya katulad ng *upo* o *luklok* na ang pakahulugan ay panunungkulan tulad ng paglilingkod kung naiupo o nailuklok sa pamunuan. Meron ding maipakakahulugan sa tinatahak na direksiyon ng kilos ng katawan sa mga katagang *daan*, *pagdaan*, *paraan*, *pamamaraan*, at *pinagdaraan* na ginagamit sa paglalarawan ng pamumuhay kundi man ng katuturan ng buhay. Maidadagdag ang mga katagang may kinalaman sa direksiyon ng kilos gaya ng *uwi*, *pauwi*, *pag-uwi*, at *uwian* sa mga halimbawang ito. Marami pang ibang salitang nasa ‘hulog’ sa kaisipang Pilipino na bunga ng pagtutunguhan, pamamahala, at pamumuno sa organisasyon ng paggawa’t pamumuhay at maging sa tunguhin nitong mga ganitong institusyon sa loob ng kultura.

Talaan 2: Kilos ng Katawan, ng Katauhan Kaugnay ng Pagkatao

Lakad	Takbo	Lingkod	Uwi	Daan
Lakaran	Takbuhin	(Bisaya)	Pauwi	Pagdaan
Palakad	Patakbo	Paglilingkod	Pag-uwi	Paraan
Kalakaran	Patakbuhin	(Tagalog)	Uwian	Pamamaraan
Kaladkarin				Pinagdaraan

Banat ng Buto, Balikatin ang Trabaho!

Kilos ng Katawan—Galaw, Gawa, Ganap, Gampan + [an][in]

Ang kasipagan ay namamalas sa kilos ng katawan na karaniwang inuusal kung wala pa nito sa ekspresyong ‘banat-in ang buto’ para mabuhay, na ang ibig sabihi’y kailangan ng galaw at gawa. Ang mga hulaping *an* at *in* kung ikabit sa mga salita’y galaw-an/in at gawa-in/an. Ang *gawain* kapag pinaiikli ay *gawin* at kung maramihan ay *gawa-an*. Noong Marso 17, 2020 nang itinigil ang mga operasyon ng mga bisnis dahil sa pandemyang SARS-COV 2, walang galawan kaya napilay anila ang ekonomiya. Kaya inilarawang nakadapa ang ekonomiya sa kawalan ng paggalaw sa lipunan. Samantala, kung may pagtukoy sa panahon ang gagawin/gawain, ito’y pag-ganap sa papel para gumalaw ang pamumuhay. Ito’y kaugnay ng gampanin o tiyak na papel na tungkuling dapat tuparin. Magkakaugnay ang mga salitang gamit para tukuyin ang kilos ng katawan, katauhan. Galaw-galaw nang hindi pumanaw! Isang ekspresyon na naririnig sa mga pagtitipon gaya ng komperensiya o miting na pakikinig ang pangunahing gawain. Sinasabi na kailangang gumalaw-galaw upang hindi mamatay dahil minamahalaga ang kilos ng katawan na katibayan ng buhay, kaya sa kalagitnaan ng palatuntunan ay hinihingi ng mga nagpapatakbo nito, na saglit na igalaw-galaw ang katawan sa isang ehersisyo. Noong isinailalim nga ang buong bansa sa kwarantin para mapigil ang pagkalat ng sakit na SARS-Cov 2, hindi lamang ang mga pumanaw ay ang mga nahawaan nito kundi maging ang mga nawalan ng pag-asa sa buhay sa pagkakabinbin sa bahay sa malaong panahon. Itong paggalaw ang tutunghayan sa trabahong nakaatang sa mga balikat (balikat-in o magtrabaho) hindi lamang para mabuhay kundi pati sa pagpapakahulugan sa buhay.

Noong ako’y magkamalay halos mag-aanimnapungng (60) taon na ang nakalilipas, naririnig ko na ang mga katagang manggagawa at pagawaan. May mga manggagawa, silang may trabaho o binabayaran sa kanilang paggawa. Laki ako sa isang lugar sa Maynila na tinatawag na Obrero sa Distrito ng Tondo. Ang obrero ay buhat sa Espanyol na ang kahulugan ay trabahador o manggagawa. Ang aking lola sa ama ay laging sinasabing kailangang magbanat ng buto, ibig sabihi’y magtrabaho, gumawa kahit pa gawaing bahay. Bihira ko nang marinig ang tao na tinatawag na *obrero*, maliban na lang kung tukuyin ang mga lugar na nginalanan nito d’yan sa mga distrito ng Tondo at Sampaloc. Noong naging Ingles, tinawag siyang *laborer* o *worker* (mula sa mga salitang Ingles

na *labor* at *work*), wala na ang *obrero*, bihira namang ginagamit ng karaniwan ang *worker* at *leybor*—ang siyang dinig kong bigkas sa mga trabahador sa konstruksiyon ng mga gusali’t lansangan na pinakababa doon. Samantala, saklaw lahat ng katagang *manggagawa* ang lahat ng nasa sektor na may sahod sa kanilang serbisyo. Sa panahon ngayon marami ang nananawid-dagat o nagtutungo sa ibang lupalop para magtrabaho, sa labas o maging sa loob man ng bansa, o mga migranteng manggagawa. Taglay nila ang mga kasanayan, kagalingan at kakayahan sa paggawa kahit pa sa kabilang panig ng mundo magtrabaho. Sila’y sinasabing “bagong bayani” dahil sa malaking ambag sa ekonomiya.

Mula sa *gawa* ang *manggagawa* na ang kahulugan ay kilos ng katawan gamit ang mga bahagi nito para makalikha, makabuo, o maka-aksiyon/makatugon sa pangangailangan, i.e. para sa buhay. Ang mga sama-sama’t magkakatulad na bagay na ginagawa ang tinatawag namang gawain gaya ng mga pang-araw-araw na pag-aayos para sa pagmintina ng pamumuhay sa bahay. Ang itinatakda namang dapat gawin ayon sa atas at alituntunin sa mga atang na trabaho tulad ng pagtuturo, panggagamot, o di kaya’y paggawa/pagpapatupad ng batas ay tinatawag nating mga *gampanin*. Itong mga gampanin ang siyang ating ginaganapan gaya ng artistang gumaganap sa papel niya sa isang pagsasadula halimbawa ng karanasan o pangyayari sa buhay. May mga tiyak tayong mga gampanin tulad ng pagiging titser, inhinyero, ekonomista, negosyante, doktor, at iba pang may depinitibong propesyon. Sinasabi na ganap nang ganito o ganyan sa pagdadalubhasa kung kinakikitaan sa kaniyang kilos ng katotohanan ng kasanayan, halimbawa, ganap nang doktor ang nag-aral ng medisina kung nakapanggagamot na’t nakapagpapagaling. Sa kaniyang pagpasa sa eksaminasyon para patibayin ang katotohanang ito, iginagawad sa kaniya ang kapangyarihang magpagaling. Ang gobyernong Pilipino na nagkakaloob nito, at nakatala na siya bilang Manggagamot ng Bayan. May katibayan na sa kaniyang sarili ng galing sa pagtugon sa hinihinging lunas sa karamdaman kung meron man. Maging kaming tumutulong sa pagpapabuti ng kalusugang pangkaisipan ay nakatala bilang mga Sikolohista. Ang lahat ng propesyonal ay binibigyan ng lisensiya upang maging katuwang sa pagbubuo, pagpapanatili, at pagpapaunlad ng ekonomiya. Isang kasanayan ang katibayan nitong hinihingi sa pagganap sa tungkulin sa paggawa.

Samantala, sa wika saklaw ang lahat, may pormal man o wala ang pag-unlad ng kasanayan kapag tinukoy na bihasa ang isa sa pagganap sa tungkuling kaniyang inako. Matutunghayan ito sa mga kawikaan sa mga kalakaran sa ating lipunan. Nariyan ang mga namemelikula o kaya naman namumulitika na hindi naman kailangan talaga ng pagsasanay para sa ganitong gawain. Ang mga panlaping *na*, *mag/nag*, *mang* o *man* ang ikinakabit natin sa anumang may kailangang akmang aksiyon para makalikha o makakuha ng may pakinabang na mga bagay o mga bagay-bagay, materyal man o hindi. Kaya mayroon ding mga mananahi sa mga pabrika ng damit, mananara sa mga pagawaan ng singsing, magsasaka, magtataho, o mangingisda sa palaisdaan o maging sa karagatan, manggagamot, manananggol, mandirigma, manlalaro, at maging mga manlilikha sa sining. Kahit pa nga ang gawain ay masama, ang mga panlapi para tukuyin ang taong gumawa nito'y isang manlilinlang, magnanakaw, mandarambong, mangangamkam, o mamamatay-tao. Samantala ang mga ganitong katagang naglalarawan sa mismong ginagawa ay hiwalay sa kaniyang katauhan at salat sa pang-unawa sa kahulugan ng akmang kilos ng katawan. Sa ganito uugatin pa sa mga kataga sa Filipino ang mga ginagamit upang marating ang kaisipan sa pagpapakatao kahit pa sa pagkilos, paggawa, o pagganap para sa kahulugan ng ugnayang katawan-katauhan sa kabuluhan ng buhay-tao na ang halagahin ay kapuwa.

May mga pagawaan kung saan ang mga bagay at gamit ay ginagawa ng maramihan para ipamahagi at ipagbili sa madla. Naririnig ko noon pa, ang salitang pasadya, ang paggawa sa isang bagay ay hindi ayon sa iisang hulma sa pagawaan. Sinadya itong ginawa at iisa lamang ito, tulad ng mga hinabing inabel o binakol at tabungaw na yari ng mga pinagkakalooban ng Gawad Manlilikha ng Bayan dahil sa mga malikhaing pagpapatuloy ng kulturang materyal. Batid din na ang mga paggawaan ay pangmaramihang produksiyon para sa mga pangangailangan sa pang-araw-araw. Marami ring manggagawa roon. Pangunahin ang paggawa ng pare-parehong mga bagay sa isang pagawaan. Ginagamit ang mga salitang salin na *pabrika* o *faktori* na kahalili ng *pagawaan*. Ang lahat ng mga maramihan ang produksiyon ay tinatawag na *pagawaan*. May pagawaan ng tinapay, subalit ang bilihan o pagkukunan nito'y tinapayan at ang nagtitinda ay magtitinapay. Sa lahat ng mga tinutukoy na mapaghahangian ng anuman, kinakabitan ang salita ng *-an*, na galing nga kasi sa

paggawa-an. Gawi natin sa ating pagwiwika, tulad ng naipauna na ng historyograpong si Zeus A. Salazar (Cipres-Ortega 38), ang magkabit ng panlapi (*affix*). Mangyari aniya, naiiba ang kahulugan ng salita dahil sa paglalapi, gaya ng *tinda-han*, *pamili-han*, *pamahalaan*, *pamunu-an*. Mahihinuha na ang semantika na ibinubunga ay naaayon sa panlapi, kaya nga anuman ang salitang mamumutawi sa mga labi ay iyong danas dito at siyang nagbubuo ng diwa. Sa mga salitang *pamahalaan* at *pamunu-an* halimbawa, tinutukoy nito ang mga gawain ng paglalaan ng kakayahan pati kagalingan sa pangunguna't pagtatalaga ng tunguhin ng organisasyon. Sisiyasatin sa sumusunod ang mga katawagang kakawing ng kilos ng katawan at mga kaugnayan sa kaisipan na bunga ng karanasan, buhat pa noon sa kinagisnan ay nariyan pa magpasahanggang ngayon, at patuloy ang pagyabong nito.

Lakad na! Lakaran

Tunghayan ang salitang *lakad* na sa simpleng kahulugan, ito'y tumutukoy sa kilos na patungo sa kung saan. Samantala kung sabihing 'may lakad siya!' o 'saan ang lakad' may intensiyon itong pagkilos. Sakaling sabihin na 'ipalakad na lang,' may inaasahan sa dapat ay pagkilos niya. Ang mga salitang 'palakad o pamamalakad' at 'kalakaran' ay tinutukoy ang mga ikinikilos ng organisasyon na sinasalamain sa kilos ng bawat miyembro nito. Tinutukoy ang mga taong may mga tungkulin kung sabihing sila ang 'may palakad o pamamalakad.' Silang mga pinuno ang may palakad na halos kasing-kahulugan ng 'may patakbo.' Ang pagkakaiba ng palakad sa patakbo ay, ang una ay may hinahon ang huli'y may pagmamadali. Maririnig na sinasabing ang negosyo ay pinapatakbo, kailangang may bilis dahil sa ang mga makina ay kailangang tumakbo. Sa kabilang banda ang palakad ay pantukoy sa mga ipinaiiral na patakaran o alituntunin ng organisasyon kaya badya ang pagdahan-dahan. Sa ating wika, interesante ang intindi rito dahil sa mga pagawaan, ang bukambibig ay ang patakbo ng mga namamahala, mga patakbuhiing produkto, at mga kaugnay na kilos ng takbo. May mga itinakbo ang produkto o hindi binayaran ang mga ito. May mga taga-takbo para ihatid ang mga produkto sa kung saanman. May mga makinang hindi na tumatakbo dahil may sira o luma na ang mga ito. Kaya ang mga manggagawa ay tutol sa turing sa kanila na tila ba sila'y mga makina kung patakbuhiin o produktong puwedeng palitan na parang piyesa lang, i-reject o di kaya'y

alisin sa sistema ng produksiyon. May matining na pagkilala sa sariling kasanayan at ng sa mga makinang kanilang pinapatakbo lamang. Sa kanilang mga kamay, nakasalalay ang mga makina ng produksiyon upang gumana ang mga ito at kumita sa mga produkto. Isa pa’y interesante ring mabatid natin na may sinasabing mga taong takbuhan o silang hinihingian ng tulong sa panahon ng kagipitan. Saklolo ang siyang kaloob ng takbuhan lalo na sa may mahigpit na pangangailangang pinansiyal na pantustos sa pagkain. Halos hindi ibang-tao itong takbuhan na siyang sumasagip kung hirap na hirap ang manggagawa sa pambili ng bigas at pangulam. Hindi tulad ng nagpapautang, ang takbuhan ay sinasabing nagpapahiram ng pera na ibinabalik kung makaluwag-luwag na. Ganito ang takbo ng buhay sa mga pagawaan. Ito ang kalakaran ng pamumuhay.

Sa salitang *lakaran*, ibinabadya ang sama-samang pagkilos. Ang *lakaran* ay para sa kilusang may hinihinging pagbabago o di kaya nama’y pagdanas sa isang penomeno tulad ng pagtungo sa isang pook na makasaysayan o may kabuluhan. Ang *lakaran* ay buhat sa *lakad*. Ang mga letrang *d* at *r* ay nagpapalitan upang maging madali ang pagbigkas at pakibagayan ang parirala kaya ang *daw/din* ay gaya ng *raw/rin*. Ang ‘lakad na paluhod’ nama’y pagsusumamo at bilang tanda ng pagdakila sa pagkarangal ng kung sinumang kinikilalang higit na makapangyarihan. Ang paglakad ng nakayapak sa lansangan ay tanda ng pagpapakababa at pakikiisa. Sa Bundok ng Banahaw sa bayan ng Dolores sa probinsiya ng Quezon, may mga sagradong pook na magpahanggang ngayon ay pinamamahayan ng mga tinawag ng antropolohistang si Covar na mga *milenaryo*. Dito rin sa itinuturing nilang banal na kabundukan may mga lugar na kung tawagi’y *puwesto*. Nilalakad ng nakayapak ang mga puwesto dahil sa paniniwala sa kabanalan ng pook. Pamumuwesto ang pagdanas na ito sa kabanalan upang matamo ang minimithing espirituwal na pagkilala sa sarili at sa pakikipag-ugnay sa higit na makapangyarihan (Navarro at Lagbao-Bolante 58). Maging ang mga debotong Katoliko ng Itim na Poon sa Quiapo, Maynila ay nakayapak tuwing prusisyon sa panahon ng Traslacion bilang pagpaparangal sa pinipuntuhong Hesus Nazareno. Ang mga Muslim sa mga moske diyan din sa Distrito ng Quiapo ay naghuhubad ng sapin ng mga paa kung uusal ng dasal kay Allah. Kaya sa mga institusyon, kita ang ugnayan ng kilos ng katawan sa kaisipan maging sa pananampalataya lalo na sa mga ekspresyon ng paniniwala.

Mula din sa katagang *lakad* ang *kaladkad*, kung pilitin kang lumakad at ayaw mo’y hihilahin kang pilit at kakaladkarin. May tao pa na kung ituring ay *kaladkarin* dahil kahit saan siya’y sumasama kung yayain. May taong taga-lakad ng papeles o para makipagkilala, kaya naririnig na nagpapalakad siya sa kaibigan ng kaibigan ng gustong makilala. Ang may lakad ay may patutunguhan dahil may pakay, may nais marating. Sa isang abalang organisasyon parating mauulilinigan ang katagang *kalakaran*, ito marahil ang malapit sa Ingles na *business* sapagkat ang *negosyo* ay buhat naman sa Espanyol. Ganito o ganyan anila ang kalakaran dito o diyan, badya nito ang timpla at tiyempo ng mga galaw sa loob ng organisasyon ng mga manggagawa rito, maging ang mga transaksyon doon. Maririnig na sinasabing, may paghihigpit o hindi madaling maisasagawa ang mga transaksyon. May paghihigpit ang pamamalakad, estrikto ang manedyer na nakatalaga sa kalakaran. Sa isang organisasyon nama’y hindi mahirap kausap ang mga nagpapalakad anila, mabilis ang transaksyon, masinop ang mga aksiyon ng mga nasa kalakaran. Sinasabi ring may bigat at gaan ang kalakaran. Mga tao ang nag-uugnayan sa isang kalakaran.

Sabay-sabay ang galaw kahit ang bawat isa’y may sariling lakad. Mahalaga ang mga ugnayan sa organisasyon sapagkat ito ang nagtatakda ng kalakaran. Kung sabihing inilakad ka ng naroon nang nauna sa iyo sa loob ng organisasyon, i.e. malaon na siyang miyembro nito, upang ika’y maging kasama rin doon, ipinakakahulugan nito na maganda ang kaniyang katayuan sa kalakaran sa organisasyon. May pagkilala sa kaniya roon. May pitagan sila sa taong ito na siyang lumakad para sa iyong pagsapi. Samantala, dumaraan sa proseso ng pagtanggap sa aplikante, tumatayo namang tagapamagitan ang kakilala nitong aplikante sa trabaho. Madalas na kamag-anak o malapit na kakilala ang nagpapadali nitong proseso ng pagtanggap sa isang organisasyon ng mga manggagawa. Manapa siya ang mananagot sa pamunuan kung may hindi maayos na pagganap sa tungkulin ang kaniyang iminungkahing isali sa organisasyon. Sa madali’t sabi bukod sa mga nagpapatakbo, partikular ang direktang superbisor ng natanggap sa trabaho na aplikante, ang kaniyang kakilala o kamag-anak na nagrekomenda ay naroon ding masugid na magmamasid. Manapa, minamatyagan nang matama ang mga kilos nitong kaniyang rekomendasyon upang sabi nga nila’y ‘wala silang masasabi.’ Sinasabihan na niya kasi di pa man,

kung may mali sa kaniyang gawa o pagpapabaya sa kaniyang gampanin.

Lakbay tayo! Alalayan at akbayan

Mula sa *lakad* ang *lakbay*, na sa aking sapantaha ay salitang ipinag-isa na *lakad* at *baybay*. Ang *baybay* ay pagtahak sa mahabang daanan nang marahan, painot-inot. Ang *baybay* ay maikli rin ng *baybayin*, ang tabi ng bahaging tubig tulad ng ilog o dagat, sa may baybay o pampang ang daan. Kaya kung sabihing binabaybay ang daan ay tinatahak ang daan. Sa gayon ang lakbay ay pagtahak sa mahabang landasin. Sa lumang Tagalog may katagang ginagamit na *bagtas*, tulad din ng *baybay* ito ay tumutukoy sa pagdaan sa isang landasin. Kaya kung sabihing binabagtas ay dumadaan. Ang taong nalihis ang landasin ay siyang naligaw sa tinatayang tamang daan ng buhay, o iyong may ayos patungo sa ginhawa. Ayon pa nga sa antropolohistang si Covar, may mga praktis na tayo sa pagtutuwid kahit noon pa mang sinaunang panahon tulad ng pagbabalik-loob.

Ang katagang *landas* ay tumutukoy sa direksiyon o patutunguhan. Maaaring maligaw ng landas at hindi marating ang patutunguhan. Ang daan ay siyang binabagtas o binabaybay sa patutunguhan. Ang patutunguhan ay siyang uuwian, maririnig na ang mauuwi ang usapan sa ganito o ganyan, iyon ang pinatunguhan ng pag-uusap. Kaya kung may pag-uusap ay may patutunguhan, may kauwian ang usapan. Tinitigilan ang usapan kung wala namang patutunguhan sa madali't sabi'y wala itong landas, at kung ipilit at maliligaw lamang, walang saysay, walang baybay. Matatandaan na ang *baybayin* ay buhat sa mga pananda sa ating pananalita mula sa mga nabubuon tunog na naririnig ng ating mga ninuno sa nililikhang paggalaw ng tubig sa ilog o dagat. Kaya ang mga titik na nilikha nila'y mga galaw ng alon at agos na siyang tunog ng mga ito. *Baybayin* ang itinawag dito, mula sa baybay ng dagat o ilog na binabagtas patungo kung saan man noong unang panahon. Samakatwid ang pagbaybay ay pagdaan sa landas, ang pagbaybay ay pagsasalaysay. Kapag sinabing baybayin mo, ibig nitong sabihin ay isa-isahin ang pagpapatunog halimbawa ba- ta- (bata) at kung sabihing baybayin mo ang daan, tulad ng pagpapatunog isa-isahin mo ang iyong hakbang upang marating ang patutunguhan. Isa pa'y naririnig ang pagsasabi na subaybayan ang tao o pangyayari. Kaya badya ng pagsubaybay ang pagpapalalim ng ugnayan mula palagayang loob hanggang pakikiisang loob.

Kaugnay nitong salitang *subaybayan* ang matamang pagbabantay. Kaya nga sinusubaybayan ang anak o sinuman na may malasakit para sa kapakanang magkapuwa. Badya rin ng salitang *subaybay* ang masugid na pagbabantay kahit pa nga sa pinanonood na serye ng palabas sa telebisyon o isang pangyayari. Napakainteresante nitong pangyayari o panoorin para kaniya nga sinusubaybayan. May pagsusubaybay sa pagtatrabaho saanmang sitwasyon ng paggawa. Nililikha ito ng mga ugnayan sa loob ng organisasyon ng tao upang may tunguhin ang bawat kilos at galaw rito para sa kapakanan ng tanang naroon. Kaya may 'bisor' kung tawagin ang mga karaniwang manggagawa na batid nilang bantay sa dapat gampanan o ayon sa inaasahan. May unawa ang manggagawa na itong bisor ang mananagot sa mas mataas na mga nanunungkulan. Sinusubaybayan niya ang bawat isa sa kaniyang pangkat sapagkat iyon ang nakaatang sa balik, ang babalikating pananagutan. Pagsusubaybay ang pangunahing gampanin at tulad ng nasabi na'y ang patuloy na pagtahak patungo sa ninanais marating na kahirinatnan ng paggawa o ng sama-samang pagkilos. Sinasabi nga na 'may mga mata' (bisor—biswal o *visual*) na nagmamasid o nagmamatyag kung itinatawid pa sa tunguhan ang antas ng pakikisama sa pagpapalagay ng loob.

Balikan natin ang *lakad*, na sa organisasyon ay pamamalakad o kung paano ang nasa pamunuan ay nagtatakda ng mga patakaran at nagpapatupad nito. Ang pamamalakad o palakad na wasto ay may tunguhin para sa kapakanan ng bawat kasapi ng organisasyon at ng organisasyon mismo. Karaniwang inuusig ng mga kasapi ang palakad na taliwas sa tiyak at tuwid na tunguhin ng organisasyon. Kaya ang lihis sa landas ay seryosong problema dahil hindi maitataguyod ang kapakanang panlahat. Ayon sa alituntuning pangkapuwa, ang ako at ang iba sa akin ay iisa namang talaga. Ang sakit ng kalingkingan dama ng buong katawan, wika nga. Ang pagbubuo ng organisasyon maging sa anuman, ang kapuwa ang siyang bigkis-isipan nito. Sa madaling sabi, minamahalaga ang patutunguhan ng pagtutunguhan ng mga nasa organisasyon. Madalas naririnig na sinasabing saan ba mauuwi ang pagpupunyagi kundi sa kabutihan ng kapuwa. Matutunghayan na kaugnay nitong tunguhin o direksiyon ng organisasyon na ang sistema ng valyu o halagahin nito'y kapuwa, ay katwiran. Ayon kay Senador Jose W. Diokno (Aganon at David), na kasing-kahulugan ng katwiran ang katarungan. Aniya,

ang *tarong* sa Bikol kung saan buhat ang katagang *katarungan* ay *tuwid* katumbas nito ang salitang *tama* o *dapat*. Kung iugnay ito sa lakaran, may matuwid na landas. Ito ang *dapat* tahaking daanan sa paglakad o pamamalakad. Mahihinuha mula sa suri ng senador na ang mali ay hindi makatarungan sapagkat labag sa kapuwa tao. Sa gayon ang batas ayon sa kaniya'y iyong *dapat*—sapat at tapat sa pagtutunguhan maging sa itinuturing pa munang ibang-tao.

Malimit na binabanggit ang isang lakad kung kailan malayo ang patutunguhan hindi ng iisang tao kundi ng mga kasapi sa organisasyon lalo na ng malalaking pangkat ng isang pananampalataya. Ito ang paglalakbay o pagtungo sa isang lugar na makasaysayan kung saan iniugat ang mga simulain ng kinakatigang kaisipan tulad ng relihiyon. Tulad ng nabanggit sa unang bahagi, hindi kaya ang salitang *lakbay* ay buhat sa dalawang katagang *lakad* at *baybay*? Ang *lakad* ay paggalaw ng mga paa patungo sa isang direksiyon. Samantala, ang *baybay* ay ang pagdaan sa gilid o tabi, ang pampang ng dagat o bahagi ng tubig tulad ng ilog o batis. Ito ring *baybay* ay ginagamit sa pagbigkas sa iniisa-isang bahagi ng salita, binabaybay ang kataga upang mabatid ang bumubuo nitong mga titik at tunog upang magkaroon ng kahulugan. Hindi nga ba ang mga salita kung isulat nang nawalang sigwa ay itinutulad sa galaw ng tubig kaya ang mga titik ay tila mga alon at agos kung iguhit. Isinisimbolo nitong guhit hindi lamang ang galaw ng tubig kundi pati ang tunog nito (Obusan, Cosare, at Gavino). Sa gayon, ang ating pagbaybay ay pagdaan nang marahan kung payapa ang katubigan na ang bahaging lupa nitong nasa gilid ay madaraan dahil wala itong tubig. Binabaybay ang gilid ng katubigan, ang daan patungo sa kung saan ay nilalakad. Ito ang *lakbay* o ang *lakad* na binabaybay ang daan para sariwain ang nakaraan. Isang organisasyon o langkay ng tao ang tumatahak sa isang landasin nang sabay-sabay, naghahanap ng katwiran at katibayan sa kinakatigang relihiyon.

Sa ating panahon, ang *lakbay* ay paraan upang makaalam, makabatid, at makaunawa sa kung ano ang pinaniniwalaan. Hindi nga lingid sa atin ang *lakbay-aral*, ang paglakad na sinasabayan ng pagdanas nang personal habang inoobserbahan ang kung anuman samantalang pinag-iisipan ito. Sa gayon, natututuhan at natutuklasan buhat sa sariling pagdanas ang dapat o hindi paniwalaan. Ang buhay anila'y paglalakbay, sa bawat sandali ay binabaybay ang buhay habang lumalakad ang panahon. Sa paglipas

ng panahon dinaraan ang buhay, hinahanapan ng puwang sa isipan ang kahulugan nito. Kaya sa paglalakbay sa buhay, sinasabing pinagdaraan ang hirap upang danasin din ang ginhawa nito. Ang mga may pinagdaraan sa kanilang *lakbay* sa buhay ay nakatatagpo ng kabuluhan ng kuwento tungkol dito. Hindi na nakapagtata kang sinasambit ng matatanda na kanila na ngang napagdaan ang ganito o ganyan sa buhay. Malayo pa ang iyong *lakbayin* kung ika'y bata pa't nagsisimula pa nga lang lumakad. Ang katawan ang daan upang danasin ang kahulugan ng buhay sa magiging lakad. Ang katibayan nito'y nasa katauhan na nahuhubog sa panahon sa mga pinagdaraan sa buhay. Maikakabit din sa salitang *lakbay* ang katagang *akay*. Tinutukoy ng salitang *pag-akay* ang pag-alalay sa kapuwa tungo sa pagbabago o pagpapabuti dahil may lumilihis ng landas. "Aba't may sariling lakad!" Iyan ang sinasabi kung ang isang kasama'y lumalayo at humihiwalay sa grupo.

Lingkod! Luklukan ng kapangyarihan

Upo po kayo! Ang katagang *upo* ng Tagalog ay *lingkod* sa Bisaya, sa Ilocano'y *tugaw*, sa Kapampangan nama'y *lukluk* na iisa ang kahulugan. Itinutupi ang mga tuhod upang ang bigat ng katawan ay mailagay sa baywang at kung may salo sa puwit ito'y nasa upuan. Sa matamang masid sa kilos ng katawan, ang *upo* ay pagbaba nito upang maipantay sa nasa ibaba. Kaya nga kung sabihing siya ay naka-upo o pina-upo, ang pakahulugan nito'y siya ang ibinaba o bumaba upang maging kapantay ng iba. Sa gayon naipapantay ang kalagayan dahil tinutukoy ang pagkaka-upo halimbawa sa puwesto o lugar. Tulad ng tinuran sa itaas ang *puwesto* ay kapangyarihan. Ang upuan o luklukan ay puwesto, narito ang kapangyarihan maging sa literal na kahulugan ng mismong inuupuan. Ang mga taga-Kordilyera, kung may pagtitipon o pagpupulong sa komunidad, nagsisiupong salo ng kanilang mga binti ang katawan adya ang pagkakapantay pantay sa Dap-ay. Sa Bisaya, ang *lingkod* ay naipakakahulugan sa Tagalog na "pagbibigay-ayuda," "asikaso," o "serbisyo." Ito'y isinadiwa sa Filipino na paglilingkod. Kaya ang naka-upo ay naglilingkod dahil nasa kaniya ang puwesto upang pakitunguhan ang taong kapantay niya. Sa atin, ang nagluluklok ang pinagmumulan ng kapangyarihan kaya nailalagay sa puwesto ang serbisyo sa tao. Sa Bisaya pa rin, kung hinihingi nila na itabi ang pamasaherong dyip upang makababa, sinasabing 'sa lugar lang!' Maipakakahulugan na

ito’y pagsasabi na dapat doon sa tamang babaan ipara ang sasakyan. Kaya kung ‘nasa lugar’ sa Tagalog ang kahulugan nito’y “wasto” o “tama” rin. Samakatwid, ang nasa lugar o nasa puwesto ay siyang tama at ang ‘wala sa lugar’ ay mali. Ito ang isipan natin sa kung sino ang naka-upo, nasa kaniya ang luklukan, ang kapangyarihan. Sa gayon, ang tama o ang nasa lugar ay paglilingkod.

Sa araw-araw, ang asikaso, ayuda, serbisyo ang puno’t dulo ng aksiyon sa trabaho kahit pa sa mga gawaing-bahay. Ang gampanin (*role*) ng isa’t isa sa pamilya man o pamayanan maging sa pamahalaan ay itinatalaga ng ating unawa sa ugnayan ng mga sarili sa kapuwa. Ang anak kung ituring dapat nga’y hindi ibang tao. Ito ang nasa lugar. Ang magulang ang nasa kapangyarihan, nasa kaniyang poder anila ang anak. Siya ang nasa puwesto sa pagmamagulang. Ito ang tungkulin—ang paglingkuran ang anak sampu ng kamag-anakan para sa pagpapatuloy ng pagbubuo ng mag-anak sa darating pang panahon. Ang komunidad kung kikilatisin ay ekstensiyon ng mag-anak, at maging ang buong bansa. Mga mag-anak at magkakamag-anak ang silang mga bumubuo ng mga pamayanan—ng paggawa o pagsamba, at ng mga pamahalaan din, mapa-lokal o mapanasyonal man ito. Samakatwid, ang mga puwesto o lugar ay mga ‘anak’ dahil narito ang ‘buhay’ na naipapasa-pasa sa panahon. Kung tutuusin ang ‘anak’ ang kapangyarihan—itong siyang ugat ng unawa sa kapuwa—hindi-ibang-tao. Ang esensiya nito ay ang naisalin na ang buhay ng magulang sa anak. Ang ugnayang magulang-anak ay tinutukoy na lingkur(d) an. Ang aruga, alaga, at kalinga sa kapuwa—‘ang sarili sa anak.’ Kung papansinin ang karaniwang kaisipan sa tunguhan ng nasa kapangyarihan (hal., gobyerno) at pinaglilingkuran (hal., mamamayan) ay ‘magulang-anak.’ Umaasa ang ‘anak’ sa ‘magulang’ habang ang anak ay hindi magulang. Kaya ang direksiyon ay hindi independensiya o pag-iisa kundi pakikiisa (-ng loob) (*oneness with the other*) at pagpasa nitong gawi sa anak, apo, at susunod na salinlahi. Ang ayaw pasakop sa magulang ay anak na pasaway—sumusuway o humihiwalay, lumalayo ang loob. Mangyayari lamang ito kung hindi kinakalinga, inaaruga, inaalagaan ang anak na siyang tama sa ugnayang tiniyak ng pag-iisang loob ng magulang at anak. Mali ang hindi paglingkuran ng magulang ang anak dahil nasa pagmamagulang ang puwesto—poder.

Hindi lamang sa pamilya makikita ang tunguhang ‘magulang-anak’ kundi maging sa mga iglesya,

korporasyon, gobyerno. Maiuugat ito sa unawa sa ‘sarili,’ ang kapuwa (*shared self/identity*). Idadahilan dito ang kaisipang katutubo sa atin, o siya nang bunga ng karanasan sa mismong kilos ng katawan-katauhan. Kaya ito ang konsepsiyon sa kapangyarihan, ang kalakaran at kabuhayan. Mag-anak ang may ari, may mga katungkulan, o ang mga kawani. Naaalala ko ang isang kompanya ng parmasyutika na pinipili nila anila na maianib sa kanilang organisasyon ng paggawa ang mga magkakamag-anak. Idinadahilan dito ang pagkakatiyak ng katapatan at siyempre ng kasipagan ng mga isinali sa kanilang organisasyon na kanilang mga kaanak sapagkat sila mismo ang bantay, gabay, at alalay sa mga kawani at kamanggagawang kamag-anak. Halimbawa pa ang isang matatag na institusyong pampinansiya kung saan praktis na ang irekomenda sa trabaho para ihalili sa sarili ang kaniyang kuwalipikadong anak o pinakamalapit na kamag-anak. Dahil dito naipagpapatuloy ang hanapbuhay at siyempre ang kabuhayan at katiyakan ng kamag-anakan sa materyal at pinansiyal na aspekto ng pamumuhay. Saan man lumingon ito ang kalakaran kahit sa mga selebrasyon at ritwal ng kani-kanilang relihiyong inaniban. Sa mga prusisyon, halimbawa, isang buong mag-anak ang nasa likod ng isang patron kung inilalakad ito sa komunidad. Ang mga organisasyon ng relihiyon ay nasa pag-iingat ng isang buong mag-anak kung hindi man ng kamag-anakan. Magkakamag-anak ang nasa pamunuan ng isang iglesya gaya kung ang obispo ay asawa ng pastora, ang kardinal ay kapatid ng madre, pari, monghe, o *brother* ng isang grupong relihiyoso. Maging ang mga imam ay magkakamag-anak at magkakapatid pa nga ang pagpipitagan sa mga miyembro ng isang iglesya na mag-anak ang nasa pamunuan nito. Ito ang kapangyarihan sa institusyon ng mga iglesya. Manapa maging sa administrasyon ng gobyerno, lokal at nasyonal, ang mga mag-anak ang nasa poder. Kaya ang daan doon sa pagtamasa ng kariwasaan ay ang pag-puwesto, ang pagmimithi sa kapangyarihan. Kundi man maging anak ng Diyos ay maging anak man lang ng politiko ang asam ng anak ng napababayaan ng magulang. Nangyayaring nagpapabaya ang magulang (awtoridad) na siya ngang lihis sa tama (lugar o puwesto niya) na tupdin ng tungkulin para sa kapakanan ng ‘anak.’ Hindi kapuwa ang turing maging sa ‘anak’ ng bayan. Ayon nga sa antropolohistang si Covar, maling daan ito, dapat ituwid ang landas, magbalik-loob sa kapuwa.

Uwi na! Ang daan pauwi sa bahay, daan ng buhay

Anuman ang aktibidad o pangyayari, sa atin parating sinasambit ang ‘uwi na o uwian na’ kung tapos na ito. *Uwi* ang ugat nitong salitang *uwian* na adya ay pagbabalik sa kung saan nagsimula ang sinuman. Sa ating karanasan, nagsisimula ang lahat sa bahay, ang buhay. Ito ang ating pinagsisimulang lugar o puwesto na sa literal ay tirahan at tahanan, subalit ang tinutukoy nito’y iyong mag-anak—ang anak (o mga anak) at magulang (o tumatayong magulang). Samakatwid, ang mag-anak ang uwian sapagkat ang ‘buhay’ ay naroon lalo na sa anak. Ang pamilya ang puwesto sa Pilipino. Kung may lakad, laging isang langkay ang buong mag-anak—magulang, anak. Sa Pilipino, pami-pamilya ang pagtitipon, sa pagsasama ng magsisipag-asawa, mga pamilya nila rin ang magsasama. Samantala, ang sakramento ng pagbubuklod ng mga pamilya ay ang anak bunga ng pagsasama ng mga anak mula sa dalawang mag-anak. Ang matrimonyo ay paglago ng ‘buhay’ buhat sa magkabilang panig ng pamilya. Kaya sa parati ang pamilya ang balikan o uwian. Dito sa pamilya muling kukuha ng lakas dahil ito ang lunduyan ng sigla—ng buhay. Pinananabikan ang pagbabalik sa bahay kaya buong sayang namumutawi sa mga labi ang ‘uwian na!’ Ang pag-uwi ng bawat isa sa pamilya ay hinihintay, ang pag-alis ay ipinaaalang kahit pa ilang saglit lang lilisan. Kaya kalakaran sa mga paliparan, pantalan kahit sa pondohan ng masasakyan ang paghihintay sa paparating at paghahatid sa lalayo nang may katagalan.

Karaniwan na ang mga pagdiriwang ng pamilya, maging ng mga pagdadalamhati nito, tulad ng mga selebrasyon at mga ritwal ay kaugnay ng pagpapakahulugan niya sa buhay. Ang pagsisimula ng pamilya mismo ay sa pagkakaroon ng anak—sa kaniyang kapanganakan ay maipagpapatuloy ang buhay ng mag-anak. Kaya kasiyahan ang dulot nitong anak at sa pagbibinyag, isang pag-asa ito sa pagpapatuloy ng buhay. Alaga at aruga sa anak ang takda dahil ang abuso sa bata ay labag sa kalikasan ng pagkaka-ugnay nitong magulang sa anak—hindi ibang-tao. Ang buhay-pamilya ay ang pang-araw-araw, kaya kung malayo man, ang isipan ay ang uwian. Ang buhay sa isipan ay may tunay at hindi. Sinasambit na totoong buhay ay ang pang-araw-araw. May buhay na hindi tunay tulad ng sa artista na tila isang pantasya. Ang totoong buhay anila ay ang pagiging ordinaryo, simple, o walang arte---pagkakaraniwan ng tao dahil hindi ibang-tao. Manapa ang karaniwang buhay ng

bawat tao ay iyong nasa kaniyang pamilya—anak o magulang.

Ang *weltanschauung* ng Pilipino ukol sa buhay ay sadyang may kalawakan. Ang persepsiyon niya sa buhay ay hindi natatakdaan ng hangganan, halimbawa, ang salitang *kabilang-buhay*. Hindi natatapos ang buhay kahit pa sa kamatayan ng katawan kaya sinasabing binawian ng buhay ang isang pumanaw. Hindi nga nawawala mismo ang buhay dahil maging sa katagang *pumanaw*, hindi na lamang natatanaw itong katawan. Sapagkat ang mga salitang *panaw* o *tanaw* ay tulad ng *tingin*, kaya nga ang pumanaw ay hindi na lamang makikita pa, pero ang buhay ay nagpapatuloy doon sa dakong kabila. Ang pumanaw ay nasa kabilang-buhay na. Samantala, kung nariryan ang buhay palaging hinahanap ito. Kaya tayo ay naghahanapbuhay, trabaho ang tingin ng hindi batid ang pakahulugan sa parati nating ginagawa’t pinagsisikapan para masustena ang buhay. Sa gayon ang paghahanapbuhay ay hindi lamang pagganap sa itinatakda ng trabaho kundi para maitawid ang araw-araw na pangangailangan. Ito ang esensiya ng trabaho para sa atin. Kaugnay ng paghahanapbuhay ang pagdanas ng ginhawa--ang pagtamasa ng buti, ayos, sarap, at saya ng katawan-katauhan sampu ng ating kapuwa. Ang walang hanapbuhay ay hirap sa kaniyang buhay, walang ginhawang natatamasa. Sa atin pa, anuman ang maaaring makapagsustena sa pang-araw-araw nating pangangailangan nang may kasapatan ay hanapbuhay. At kung ito’y nagbibigay pa ng tiyak at tuloy-tuloy na mapagkukunan para matugunan ang walang patid na pangangailangan at maging maginhawa, tinatawag ito na siya nating kabuhayan.

Maidadahilan na ang pananaw sa buhay na ito’y nagpapatuloy hanggang sa kabila nito, kaya ang mithiin ay ang matamo o matamasa ang maganda o maayos na kalagayan nito. Ang nararanasang sarap ng buhay ay nagmumula sa ginhawang nadarama sa maayos na pamumuhay. Sa karaniwan ito ay tumutukoy sa katiyakan na may kita para may makain, masilungan at matiwasay na paligid. Simpleng-simple, subalit ito ang nagtutulak sa paghahanapbuhay—ang sikhay (tulak) ng buhay. Ang pagpapalago ng pinagkakakitaan, kung negosyo man ito ay siyang laan sa nagpapatuloy na buhay. ‘Ito ang ating kabuhayan, inyong kaiingatan!’ kung ibilin ng nagpundar nitong mga magulang para sa kaniyang mga anak, sa mga anak ng kaniyang mga anak hanggang sa nagpapatuloy pa ng buhay.

Kolektibong kamalayan ito na mahihiwatigan sa mga mag-anak na pinananatili ang pundar ng mga nauna sa kanilang kamag-anak, ang mga ninuno. Nasa isipan na ang pagsasalin ng lahi, sa pag-aanak nga'y pagtitiyak nito na magpapatuloy ang buhay dahil may pundar na kabuhayan, kung hindi man ay may ipinuhunan na sa anak. Ang pamumuhunan sa anak ay sa pagtuturo sa kaniya ng katangian, kasanayan at kagalingang kakasangkapin nito para mabuhay. Sa gayon, maganda ang buhay ng may pundar o may puhunan.

Pinakamahalaga ang buhay. Nakatuon sa katawan-katauhan na siyang sinisidlan nitong buhay. Sapagkat napakahalaga nito, nasa pag-iingat hindi lamang ng may sarili nitong katawan-katauhan o indibidwal, kundi ng kolektibo. Naririnig natin ang mga ekspresyon nito sa *agaw-buhay*, *buwis-buhay*, *tawid-buhay*. Inaagaw ang buhay sa kamatayan. Ibinubuwis ang buhay sa pagsaklolo. Itinatawid ang buhay sa lubhang mahirap na kalagayan. Dalamhati at pighati ang dulot ng pagkawala ng buhay maging sa anumang dahilan.

Ipinag-iiba rin natin ang tunay na buhay sa hindi. Lingid sa iba ang buhay na tunay, halimbawa ng isang artista o politiko na badya'y ang karaniwan ay hindi batid ng malayo sa kaniya. Sa ganito, sinasabing hindi huwad ang katauhan nitong tinutukoy na tao dahil malapit siya sa kaniya. Ang pagkakakilala sa kaniya ay sa karaniwan, sa araw-araw. Ito ang tunay na buhay ng tinuran na tao bagama't nangyayaring nakikilala siya sa hindi niya tunay dahil ito ang hinihingi ng kaniyang piniling papel na sa lipunan. Kaya sinasabi rin na may totoong buhay at pagpapanggap. Manapa ang totoong buhay ay ang parating nararanasang pang araw araw, samantala ang hindi ay pansamantala. Halimbawa nito ang sandaling paglisan sa karaniwan o ang totoong buhay tulad ng pagtikim sa ibang uri ng pamumuhay. Sa ilang sandali, masarap ang lamig mula sa bumabagsak na niyebe subalit hindi ito ang totoong takbo ng buhay sa isang mula sa lugar na katamtaman ang klima. Hinahanap ang buhay na totoo dahil ito ang nagdudulot ng ginhawa. Madalas maririnig sa mga nakaligtas sa delubyo o disaster na nilisan ang kanilang lugar, ang asam nila'y makabalik sa lalong madaling panahon doon sa pook na kinapamuhayan. Kaya nga ang pag-uwi roon ang magbibigay-buhay. Naroon ang bahay, ibinabalik at binabalikan dahil sa simula't sapul naroon naman ang buhay. Maging ang ating mga katutubong nagpapalipat-lipat ng pinamamahayan at pinamumuhayan, nagbabalik-balik din sa pinagmulan ng kanilang buhay.

SANGGUNIAN

- Aganon, Allen at Ma. Assumpta David. *Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw, at Kaalaman (New Directions in Indigenous Psychology)*. National Book Store, 1985.
- Antonio, Lilia F., Anatalia G. Ramos, at Aura Albano-Abiera, mga ed. *Mga Babasahin sa Sikolinggwistikang Filipino*. C & E Publishing, Inc., 2011.
- Antonio, Lilia F. at Ligaya Tiamson-Rubin. *Sikolohiya ng Wikang Filipino: Mga Simulain, Pamamaraan at Nilalaman*. C & E Publishing, Inc., 2003.
- Cipres Ortega, Susan. "Ulat ng Ikalabindalawang Seminar sa Sikolohiya ng Wika: Kasalukuyang Kalakaran ng mga Pagsusuri sa Sikolohiya ng Wika." University of the Philippines, 1981.
- Enriquez, Virgilio G. *Pagbabangong-Dangal: Indigenous Psychology and Cultural Empowerment*. Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1994.
- Javier, Roberto Jr. E. "Ang Tao sa Ka-taw-an at sa Ka-tauhan: Pag-uugnay sa Pagpapakatao, Pakikipagkapwatao, at Pagkatao. The Person in the Human Body: Being Human, Becoming a Human Person, Sharing the Self with 'Other' Selves." *Malay: Internasyunal na Jornal sa Filipino*, 2017.
- Navarro, Atoy M. at Flordeliza Lagbao-Bolante, mga pat. *Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*. C & E Publishing, Inc., 2007.
- Obusan, Teresita B., Raymond M. Cosare, at Minifred P. Gavino. *Baybayin Atbp: Mga Pag-aaral at Pagpapayaman ng Kulturang Pilipino*. WWCEA Graphic Services, 2012.
- Paz, Consuelo J., Hernandez, Viveca V. at Irma U. Peneyra. *Ang Pag-aaral ng Wika*. University of the Philippines Press, 2010.
- Paglinawan, Mamerto. *Balarilang Tagalog*. Project Gutenberg Ebook, 1910.
- Pe-Pua, Rogelia E. ed. *Handbook of Filipino Psychology, Volume 2: Application*. University of the Philippines Press, 2019.
- , ed. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit*. UP Press, 2010.